Republic of the Philippines
**DEPARTMENT OF EDUCATION**
Region III
**DIVISION OF CITY SCHOOLS**
City of San Jose del Monte
Website: www.depedcsjdm.webs.com/e-mail: deped_csjdm@yahoo.com/telefax: (044)815-28150

DEPED - DO CSJDM
RELEASED
OCT 14 2015
RECORDS UNIT

Ika – 8 ng Oktubre, 2015

**PANSANGAY NA MEMORANDUM**
Blg. 203 s. 2015

**Sa: Mga Pinuno ng Paaralang Sekundarya at Elementarya**

**IKA – 6 NA PANDIBISYONG GAWAING KAPULUNGAN SA FILIPINO**

1. Ang Pansangay na Samahan ng mga Guro sa Filipino (PASAGUFIL) sa pakikipag-ugnayan sa DepEd Sangay ng San Jose del Monte ay magdaraos ng Ika – 6 na Gawaing Kapulungan sa ika – 9, 10, at 11 ng Disyembre ng taong kasalukuyan. Ito ay gaganapin sa San Jose del Monte West Central School, sa ganap na ika – 8:00 ng umaga hanggang ika – 5:00 ng hapon.

2. Layunin nito na patuloy na mapaunlad ang kaalaman at kasanayan ng mga mga guro upang mapataas ang kalidad ng pagtuturo ng Filipino para sa higit na kapakinabangan ng mga mag-aaral.

3. Inaasahang dadalo ang dalawang (2) guro mula sa bawat paaralan na nagtuturo ng Filipino, mga pang-ulong guro at opisyales ng PASAGUFIL.

4. Magkakaroon ng bayad kasapian na Php 50.00 ang bawat dadalo para sa mga gastusin tulad ng tarpaulin,sertipiko, at iba pa.

5. Hinihiling ang malawakang pagpapalaganap ng memorandum na ito.

GHPascual
**GERMELINA H. PASCUAL, CESO V**
Tagapaminahala ng mga Paaralan